## SUBJECT: LOT NO. 304, CAD-648-D, SAN TEODORO CADASTRE, EQUIVALENT TO LOT- 3588, CAD-104, CALAPAN CADASTRE, LOCATED IN BRGY. ILAG, SAN TEODORO, ORIENTAL MINDORO.

1 message

**Riades Xorbabe** <alouroxasbae@gmail.com>
To: DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

Tue, Aug 15, 2023 at 7:20 PM

August 15, 2023

The Honorable
REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR (RED)
DENR MIMAROPA Region
1515 DENR By the Bay Bldg., Roxas Boulevard,
Brgy. 668, Ermita, Manila

Sir/Madam:

Isang mapagpala at makakalikasang araw po sa inyo.

Lumiham po ako sa inyong butihing tanggapan upang idulog ang matagal nang suliranin ng aking mga kamag-anakan tungkol sa lupaing may ilang dekada (mula 1918 pa umpisa sa kanilang Lolo na doon na rin sila ipinanganak at nagsitanda na,  na  inukupahan na nila noon pa man,  na matatagpuan po sa Brgy. Ilag, San Teodoro, Oriental Mindoro, at kinikilala bilang Lot 304, Cad-648-D, San Teodoro Cadastre, equivalent to Lot-3588, Cad-104, Calapan Cadastre, containing an areas of more or less 19 hectares.

Nang ipabatid po ng aking mga kamag-anak sa DENR CENRO ang hangarin nilang lakarin na ang lupa upang tuluyan nang magkaroon ng titulo, ang payo po sa kanila ay kumuha muna ng clearance mula sa Land Registration Authority (LRA) para sa status ng nabanggit na lupa bago sila bigyan ng land application. Sa Awa naman po ng Panginoong Diyos ay nag-issue po ang LRA ng CERTIFICATION na ang nabanggit na lupa ay WALANG RECORD na may nagpa-approved na ng plano o may nagpatitulo na, at declared po ito ng nadabing tanggapan na"Del Gobierno". At nakakuha din po kami ng CERTIFICATION mula sa inyong tanggapan patungkol sa nabanggit na lupa.

Kung kaya't kami po ay nagtungo na sa tanggapan ng DENR-CENRO, Pasi II, Socorro at isinumite po namin ang LRA Certification at DENR MIMAROPA Certification. Kami po ay pinaggawa din nang araw ding yun ng Request for Inspection bago dw po kami bigyan ng application for land Titling.

After a week po ay dumating sa Ilag Barangay Hall si ENGR. MICHAEL ACUZAR at inabisuhan po kami na nandun sya sa tanggapan ni Kgg. GILBERTO LOPEZ kung kayat kami po ay nagtungo doon. Sa pag-aakala po namin na mag-i-inspection na sila sa lupang balak na nming patituluhan upang makasama sa programa ng inyong tanggapan na Rapid Land Tenure Appraisal (RLTA), subalit yun po pala ay upang ipabatid sa amin na ayon sa pagbi-verify nya sa Old Allocation Book na nasa kanilang tanggapan (DENR-CENRO),  ang lupang nabanggit ay na-issue-han  na daw po ng Patent No. 24092  dated October 30, 1923, under H.A. No.135285 at may Titulo Title 1693  in the name of GASPAR FERAREN. Bakit naman po  walang  ganitong record sa LRA?

Sa tagal na po ng panahon, almost one hundred years (100) na,   hangga ngayon po ay wala namang Feraren na naka-okupa sa nasabing lupa. At hangga ngayon po ay pinag-aangkin-angkinan lang nila. Ayon din po sa Municipal Assessor's Office, may Tax Declaration man, matagal na nila hinihingi ang titulo ay hindi pa rin naiibigay sa tanggapan nila. Sinita po namin ang Municipal Assessor dahil sa dati po ay sinabihan kami na TITULO muna ang basehan nila bago sila mag-issue ng Tax Declaration pero si Gaspar Feraren po, may Tax Declaration wala ps nman titulo. Kaya po nangatwiran sa amin na matagal na nga nya hinihingi pero hangga ngayon ay walang isinusumite.

Ang mga Apolinar at iba pa ang mga matagal na pong nakatira sa lugar. Ayon na din po sa mga Feraren, hangga ngayon ay nag-aangkinan sila ng mga lupain, at nagkakasuhan dahil sa pag-aagawan. Hindi po ba ang Ibig sabihin nito ay wala

pa po silang matibay na pinanghahawakan sa lupaing ito? Marahil po kaya ay ipinakalat lng nila na sa Feraren ang lupaing ito, at yun nman ang pinaniwalaan ng mga hindi nakakaalam sa history ng lupa?

Kaya naman po ngayon ay sa inyo nang tanggapan kami lumalapit dahil nagtataka po kami, na kapag kami ang lumalapit sa DENR CENRO ay parang laging malabo ang paliwanag sa amin. Hindi naman po kami mabigyan ng kopya ng mga papeles na hinihiling namin.
Bawal po ba humiling ng kopya ng mga papeles, gayong ito naman po ay public instrument at kahit sino ay pwede mag-request kung kinakailangan? Kaya nga po mayroong Freedom of Information. Naus lamang po namin malaman ang katotohanan sa tunay na status ng lupa. Law-abiding citizens naman po kami na ang tanging hangad ay magkaroon ng sariling titulo ang lupang matagal nang panahong hindi nadi-develop ng husto. Marami po sanang dapat nakikinabang ng lupa. Lung yun po ay totoong sa mga Feraren, hindi po ba dapat e naayos na yung kalakhan ng lupang yun?

Nais po lamang namin na malaman ang buong katotohanan at tamang paliwanag. Nais po namin na maipa-investigate ang status ng lupa, na ayon sa LRA Certufication, at ang katotohanan kung mayroon na nga bang tunay na nagma-may-ari nito, tulad ng sinasabi ng DENR CENRO, na wala nman pong maipakitang record kundi yun lng galing sa OLD ALLOCATION BOOK dated 1923 pa.

Karapatan din nman po ng mga naka-okupa sa lupa ang katotohanan sa tunay na kalagayan ng lupa. Kung yun nga po bang lupa ay binabayaran ng tax at may titulo na.

Sa inyo po kami humihiling ng kaukulang action na maaari naming maasahan sapagkat hindi pa man po naiimbestigahan ang lupa ay daglian at parang tinatapos na agad ang pag-asa naming maisaauos namin ang aming kalagayan.

Inilakip ko po sa email ko ang LRA CERTIFICATION, DENR MIMAROPA Certification, Approved Cadastral Map of Lot-304, Cad-648-D, San Teodoro Cadastre, equivalent to Lot-3588, Cad-104, Calapan Cadastte, Lot Data Computaion of said Lot, and Request for Inspection, for your reference.

Umaasa po kami na mabibigyan po kami ng pagkakataong madinig ang aming kahilingan sa pamamagitan ng inyong butihing tanggapan


Maraming salamat po at Nawa po ay patuloy kayong Pagpalain ng Panginoong Diyos.

Lubos na gumagalang,

NOEL BENOSA
09690123873

---

**7 attachments**


CERTIFICATION


**received_1022133919214754.jpeg**
139K


CERTIFICATION


**received_1279687829341316.jpeg**
103K




**received_758991716026893.jpeg**
220K




**received_703881024909263.jpeg**
208K



**received_304263035616938.jpeg**
283K



**received_677421647178217.jpeg**
107K



**received_308052131716204.jpeg**
257K